TAGALOG

Ang Bagong Inaprubahang Oras ng Pagdating at Pag-alis ng Bus para sa 2009-2010 Paaralang Taon

Sa pulong ng Lupon ng Paaralan noong Hunyo 3, ang mga Direktor ng Lupon ng Paaralan ay bomoto para aprubahan ang bagong oras ng pagdating at pag-alis ng bus para sa 2009-10 paaralang taon na magbabago ng oras ng simula at tapos ng klase para sa lahat ng mga paaralan.

Ang aksiyong ito ay sagot sa bagong mga pamantayan sa bagong serbisyo sa transportasyon para sa Distrito na pinagtibay ng Lupon ng Paaralan noong Marso 18. Narinig namin mula sa mga pamilya na mas gusto nila ang mas maagang oras ng simula para masiguro na ang lahat ng mga elementaryang mag-aaral ay makuha at maibalik habang may sapat na liwanag para sa panglabas na mga aktibidad (Mga Oras ng Pagbubukang liwanag at Pag-aagaw dilim). Batay sa pidbak na ito kami ay nagpanukala sa isang binagong iskedyul na mas maagang oras ng simula para sa lahat ng mga paaralan ng 10-15 minuto.

Ang mga pagbabago sa pamantayan sa serbisyo ng transportasyon ay:magbabawas ng oras ng mga biyahe ng maraming mag-aaral, magbibigay ng palagian at maasahang iskedyul, at magpapabuti sa palagiang mga tsuper sa bawa't ruta. Ang mga pagbabagong ito ay nangangahulugan na ang mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay maghahatid ng parehong bilang ng mga mag-aaral na may 49 na kakaunting mga bus, makatitipid ng gas at mababawasan ang Distrito ng bakas ng karbon, habang pinalalakas din ang kakayahang pamamahala at mababawasan ang gastos sa transportasyon ng $2.2 milyon.

Nauunawaan namin na ang mga pagbabago sa oras ng simula at tapos ng paaralan ay mangangailangan ng mga pagtatama ng mga iskedyul para sa lahat ng ating mga pamilya at kawani, dahilan kung bakit kailangan naming magbigay ng sapat na abanteng patalastas bago maging epektibo ang bagong oras ng simula sa Setyembre 2009.

Sa ibaba ay ang mga bagong oras ng simula at tapos ng aming paaralan kasama ang bagong impormasyon sa umaga at hapon na pagdating at pag-alis ng bus. Sa kalagitnaan ng Agosto ang tiyak na oras ng pagsundo at paghahatid ng bus ay ipadadala sa koreo sa mga pamilya mula sa Departamento ng Transportasyon ng mga Pampublikong Paaralan ng Seattle.

http://www.seattleschools.org/area/transportation/times/proposedtranstimes.pdf